Methodist HEALTH SYSTEM

# Mayroon kang karapatang makatanggap ng "Matapat na Pagtatantya" na nagpapaliwanag sa magiging halaga ng iyong medikal na pangangalaga.

Sa ilalim ng batas, kailangan ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na bigyan ang mga pasyenteng walang insurance o hindi gumagamit ng insurance ng pagtatantya sa bill para sa mga medikal na item at serbisyo.

- Mayroon kang karapatang makatanggap ng Matapat na Pagtatantya para sa kabuuang inaasahang gastusin sa anumang hindi emergency na item o serbisyo. Kasama rito ang mga kaugnay na gastusin gaya ng mga medikal na pagsusuri, inireresetang gamot, kagamitan, at bayarin sa ospital.

- Tiyaking bibigyan ka ng nakasulat na Matapat na Pagtatantya ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan kahit 1 araw ng negosyo lang bago ang iyong medikal na serbisyo o item. Puwede ka ring humingi sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan at sa sinumang provider na pipiliin mo ng Matapat na Pagtatantya bago ka magpaiskedyul ng isang item o serbisyo.

- Kung makakatanggap ka ng bill na $400 o higit pang mas malaki kaysa sa iyong Matapat na Pagtatantya, puwede mong i-dispute ang bill.

- Tiyaking magtatabi ka ng kopya o larawan ng iyong Matapat na Pagtatantya.

Para sa mga tanong o higit pang impormasyon tungkol sa iyong karapatan sa isang Matapat na Pagtatantya, pumunta sa www.cms.gov/nosurprises o tumawag sa 1-877-696-6775.